IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# ORAL NA TRADISYONG PAMPANTIKAN SA BAYAN NG CASTILLA: ISANG PAGSUSURI

**[1]Norelyn A. Esquibel, [2]Felisa D. Marbella**

Sorsogon State University
Paaralang Gradwado
Lungsod Sorsogon

*Abstrak:* Natiyak sa pag-aaral na ito na masuri ang mga oral na tradisyong pampanitikan sa bayan ng Castilla, probinsiya ng Sorsogon taong 2024. Kwalitatib-analisis ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aanalisa ng mga datos na kinailangan sa pananaliksik. Pakikipanayam, pagmamasid, focus group discussions, at imersyon ang ginamit na pamamaraan upang malikom ang kinakailangang datos mula sa kalahok sa pag-aaral na ito na binubuo ng 170 residente na 30 pataas ng naninirahan mula sa 34 barangay sa bayan ng Castilla probinsiya ng Sorsogon. Purposive Sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga impormante. Ang mga nalikom na datos ay trinanskrayb, klinasipika at binigyan ng interpretasyon sa pamamagitan ng teoryang sosyolohikal. Ang mga oral na tradisyong pampanitikan sa bayan ng Castilla ay pamahiin, tigsik, bugtong, palaisipan, kuwentong-bayan, kasabihan, rawitdawit, kantahing- bayan at tula. Ang sosyolohikal na implikasyon ng mga oral na tradisyong pampanitikan ay ang tao sa sarili, tao sa kapwa, at tao sa Lipunan. Ang mga laban ng tao sa sarili ay karaniwang tungkol sa moralidad, desisyon, at pagkatao. Ang ugnayan sa pagitan ng tao at ng kaniyang kapwa ay napakahalaga. Ang tao ay kinakailangang makiayon sa mga pagbabagong hinaharap ng bawat tao at hindi ito maaaring iwasan. Ang naging kongklusyon ng pag- aaral ay may mga oral na tradisyong pampanitikan katulad ng mga pamahiin, tigsik, bugtong, palaisipan, kuwentong- bayan, kasabihan, rawit- dawit, kantahing-bayan at tula sa bayan ng Castilla. May sosyolohikal na implikasyon ang mga oral na tradisyong pampanitikan sa sarili, sa kapwa at sa lipunan. Inirerekomenda na ibahagi sa mga susunod na henerasyon ang mga oral na tradisyong pampanitikan upang ito ay mapreserba. Hikayatin ang kapwa na isabuhay ang magandang dulot nito. Magbasa ng aklat tungkol sa mga oral na tradisyong pampanitikan upang maging bukas at magkaroon ng kamalayang sa mga ito. At gamitin ang awtput ng pananaliksik sa pagtuturo bilang lunsaran sa pagtuturo ng panitikan, MTB-MLE at pagbasa.

***Susing-salita:*** *oral, tradisyon, pampanitikan, pagsusuri, sosyolohikal, implikasyon*

## I. INTRODUKSIYON

Ang bawat tao sa mundo ay may iba't ibang kuwento, karanasan, at paniniwala na resulta ng kinagisnang kultura at tradisyon ng lahing pinagmulan. Ang mga ito ay patuloy na nagpapasalin-salin sa bawat panahon, napag-uusapan at nagiging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Ang mga panitikang ito ang magbubukas sa mata ng bagong henerasyon at magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa itinatanging panitikan ng bawat rehiyon, bansa o daigdig.

Ang taglay na kultura at tradisyon ng bawat bansa sa mundo ay pinangungunahan ng ilang pandaigdigang organisasyon. Tulad na lamang ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) Convention for safeguarding of the Intangible Cultural Heritage (2023)[1] na nagbigay diin sa pagsisikap na protektahan, pangalagaan at ipalaganap ang mga *intangible cultural heritage* ng iba't ibang bansa simula pa noong taong 2003, kabilang dito ang mga oral na tradisyon. Gayundin ang United Nations Declaration on the Rights of Indigenous People (UNDRIP) (2007)[2] na nagtataguyod ng mga prinsipyo at nagtatakda ng karapatan ng mga katutubong mamamayan kabilang ang karapatan sa kani-kanilang kultura at tradisyon. Mahalaga ang mga organisasyong ito sa pagsusulong ng mga programa na iipon at magsasatitik ng mga tradisyon at kultura ng isang bansa.

Ayon sa Artikulo XIV, Seksiyon 15 at 18 ng Saligang Batas ng Pilipinas[3], sa ilalim ng mga Sining at Kultura, dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan; Dapat pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at ang mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa (sek.15) at; Dapat pasiglahin at tangkilikin ng Estado ang mga pananaliksik at mga pag-aaral tungkol sa mga sining at kultura (Sek.18). Patunay ito na kailangang pangalagaan at panatilihin ang mga pamanang historikal at kultural, tulad ng panitikan, sapagkat ito'y itinuturing na kayamanan ng bansa. Kailangan din ang pagsasagawa ng mga pag-aaral at pananaliksik tungkol sa panitikan sapagkat magiging daan ito ng pagsasatitik at preserbasyon ng mga tradisyon at kultura.

Isa ang Pilipinas sa mga bansang masasabing mayaman sa mga oral na tradisyong pampanitikan. Mga tradisyong hindi pa naisulat subalit bahagi ng panitikan sapagkat taglay nito ang kasiningan at kuwento ng buhay ng mga sinaunang Pilipino na kailangang maipreserba.

Nabanggit ni Nibalvos (2019)[4] sa kaniyang artikulo na tunay ngang mayaman ang panitikan ng ating mga ninuno, hindi man ito naisulat subalit nailabas naman nila ang kasiningang ito sa pamamagitan ng pag-awit o pagbigkas katulad na lamang ng mga katutubong kuwento. Malaking tulong ang mga ito upang maisalin o maipasa sa bawat henerasyon ang mga kaugalian, paniniwala, tradisyon, at kultura ng isang partikular na lugar (Mishra at Satpathy, 2020)[5].

Kaya't malaking tulong ang DepEd Order No. 43 s. 2013, Implementing Rules and Regulations (IRR) ng Republic Act 10533 o ang "Enhanced Basic Education Act of 2013", [6] Seksyon 10. 2 (d) at (h) na nagpapahintulot ng kontekstuwalisasyon ng kurikulum. Nagbigay ito ng pagkakataon sa mga paaralan na naglalayong buhayin, bigyan ng pagpapahalaga ang mga lokal na likha, isaalang-alang ang mga katutubong akda na nakabatay sa kontekstong sosyal at pang-edukasyon.

Dagdag pa ang DepEd Order no. 16 s. 2012 "Guidelines on the Implementation of the Mother-Tongue Based Multilinggual Education (MTB-MLE)",[7] na naglalayong palakasin ang paggamit ng katutubong wika bilang unang wika sa pagtuturo sa unang tatlong taon ng edukasyon at mapaunlad ang sosyo-kultural na kamalayan ng mga mag-aaral upang mapataas ang pagpapahalaga sa wika at kulturang kanilang pinagmulan.

Ang Castilla ay isa sa mga baybaying bayan sa probinsiya ng Sorsogon sa rehiyon ng Bikol sa Pilipinas. Binubuo ng 34 barangay na kinabibilangan ng Amomonting, Bagalayag, Bagong Sirang, Bonga, Buenavista, Burabod, Caburacan, Canjela, Cogon, Cumadcad, Dancalan, Dinapa, La Union, Libtong, Loreto, Macalaya, Maracabac, Mayon, Maypangi, Milagrosa, Miluya, Monte Carmelo, Oras, Pandan, Poblacion, Quirapi, Saclayan, Salvacion, San Isidro, San Rafael, San Roque, San Vicente, Sogoy at Tomalaytay. Ang pangunahing wika ng mga tagarito ay Bikol-sentral, Sorsoganon, at Tagalog.

Isa ang bayan ng Castilla sa mga lugar na mayaman sa panitikan, partikular na sa pamahiin, tigsik, bugtong, palaisipan, kuwentong- bayan, kasabihan, rawit-dawit, kantahing- bayan at tula ngunit limitado pa lang ang naisasagawang pag-aaral kaugnay rito. Ang pag-aaral ay may layuning maipapakilala sa mga makabagong henerasyon maging sa susunod pang henerasyon ang mga oral na tradisyong ng bayan ng Castilla upang patuloy itong mapangalagaan at mapagyaman.

## 3. Metodolohiya

### 3.1 Mga Impormante

Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay mga residente sa bayan ng Castilla probinsiya ng Sorsogon. Ang mga impormante ay isinilang, lumaki at nanirahan sa mga barangay sa nasabing bayan ng 30 taon pataas. Limang (5) impormante mula sa mga Barangay ng Bagalayag, Bonga, Cogon, Tomalaytay, Salvacion, Sogoy, Amomonting, Buenavista, Burabod, San Isidro, San Rafael, San Roque, San Vicente, Bagong Sirang, Miluya, Pandan, Poblacion, Quirapi, Saclayan, Oras, Milagrosa, Maypangi, La Union, Mayon, Caburacan, Cumadcad, Dinapa, Loreto, Maracabac, Monte Carmelo, Macalaya, Dancalan, Canjela at Libtong. May mga nakapanayam na pangkat ng nag-iinuman, may pangkat na nakapanayam na nagdiriwang ng anibersaryo ng pagkamatay ng isang kamag-anak. May nakapanayam ding pangkat ng mga nakikidalamhati sa may patay.

### 3.2 Paraan ng Paglikom ng Datos

Ang mga nalikom na datos tungkol sa pag-aaral na ito ang naging basehan sa pagbuo ng gawain at kongklusyon. Ang mga sumusunod ay ang mga hakbang na isinagawa ng mananaliksik upang matagumpay na maisakatuparan ang kasalukuyang pag-aaral.

Bago isinagawa ang pormal na pangangalap ng mga impormasyon, ang mananaliksik ay gumawa at nagbigay ng liham sa dekano ng Paaralang Gradwado upang humingi ng pahintulot na magsagawa ng pananaliksik na ipinabatid rin sa tagapayo ng mananaliksik. Ipinabatid at pinaaprubahan ang liham ng mananaliksik sa alkalde ng bayan ng Castilla noong Oktubre 24, 2017. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang isinasagawang pag- aaral, layunin at ipinabatid na ang saklaw nito ay ang mga residenteng may alam sa oral na tradisyong pampanitikan sa bayan ng Castilla.

Personal na pinamahalaan ng mananaliksik ang paghingi ng pahintulot sa lahat ng barangay. Ipinaliwanag muna ang layunin ng pag-aaral sa mga opisyal ng barangay. Humingi ang mananaliksik ng suhestiyon kung sino ang mga may-alam sa oral na tradisyong pampanitikan na inaalam ng pag- aaral. Ikinunsidera ng mananaliksik ang mga iminungkahing residente, isinagawa ang pakikipanayam, focus- group discussion, imersyon at pagmamasid upang makalap ang kinakailangang datos.

Ginamit ng mga mananaliksik ang teknik na fieldwork. Nangangahulugan ito na personal na pinamahalaan, isa-isang pinuntahan at kinapanayam ng mananaliksik ang mga napiling impormante ng pag-aaral. Gayundin, ginamit ng mananaliksik ang digital camera at cellphone upang malinaw na mairekord at maidokumento ang isinagawang pakikipanayam. Ang mananaliksik ay naglaan ng mahabang panahon upang makahanap ng mga impormante na may alam sa paksa ng pananaliksik. Isinagawa ang paglikom ng mga datos sa loob ng ilang taon mula buwan ng Oktubre 24, 2017 hanggang Hunyo 21, 2024. Naglaan ang mananaliksik na makipanayam ng isa hanggang tatlong araw sa bawat barangay. Isinagawa ang imersyon sa mga sumusunod na lugar, Barangay Maypangi, Dinapa, Mayon, Bagong Sirang, Cumadcad, at Saclayan. Namalagi ang mananaliksik sa nasabing mga lugar upang mag- obserba at makipanayam, isa sa mga nakuhang obserbasyon ng mananaliksik ay ang tungkol sa ilang pamahiin na talagang isinasagawa pa o sinusunod. Nakitulog, at nakipamuhay ang mananaliksik sa mga kakilala na ilan dito ay naging kamag-aral, katrabaho, kapamilya. Sinamahan naman ng ilang opisyal ng barangay sa paglilibot at paghahanap ng mga residente na may alam sa mga oral na tradisyon. Karaniwan sa mga nakapanayam ay may edad na 50 pataas at nagbahagi ng tula, awit, tigsik, bugtong, kuwentong-bayan, palaisipan, rawit-dawit, sa punto ng pagbabahagi ng pasalitang panitikan ay gumamit ng camera at rekorder ang mananaliksik upang maisadokumento ng maaayos ang oral na panitikang ito at nang sa gayon ay mababalik- balikang panoorin o pakinggan habang sinusuri at binibigyan ng interpretasyon ang mga ito.

Isinagawa naman ang focus- group discussion sa barangay ng Bagong Sirang, Buenavista, Burabod, Bonga, Cogon, Macalaya at Monte Carmelo. Samantala tig-iisang (1) araw naman ang ginawang fieldwork, panayam at obserbasyon sa mga lugar na Amomonting,Bagalayag,Caburacan, Canjela, Cumadcad, Dancalan, Miluya, Cogon, Libtong, La Union,Maracabac, Milagrosa, Monte Carmelo,Pandan, Poblacion, Quirapi, Oras, San Isidro, San Rafael, San Roque, San Vicente, Salvacion, Sogoy, at Tomalaytay.

## IV. RESULTA

### MGA NATUKLASAN

### Mga Oral na Tradisyong Pampanitikan sa Bayan ng Castilla

Natukoy ang anyo ng oral na tradisyong pampanitikan batay sa kung paano inihayag ng impormante at ayon na rin sa kanilang klasipikasyon. May anyong tula tulad ng kantahing-bayan, rawit-dawit, tula, tigsik at bugtong. Nauuri ito sa patula sapagkat may himig, indayog, at ritmo ang pagkabigkas samantalang nasa anyong tuluyan o prosa naman ang kuwentong- bayan, kasabihan, palaisipan at pamahiin, sapagkat tuloy- tuloy itong binigkas. Samantalang tuluyan naman ang anyo ng panitikan kung tulad lamang sa karaniwang pang-araw-araw na takbo ng pagsasalita o mga kaisipan ang paglalahad at sa halip na pasaknong ang mga taludtod ay patalata. Sa pangkalahatan ang mga oral na tradisyong pampanitikan sa bayan ng Castilla ay binubuo ng pamahiin, tigsik, bugtong, palaisipan, kuwentong- bayan, kasabihan, rawit-dawit, kantahing- bayan at tula.

Ang pamahiin ang nangungunang oral na tradisyong mayroon ang bayan ng Castilla naobserbahan na sa bawat yugto ng buhay, katulad ng sa pagbubuntis, panganganak, pagpapakasal, at pagpapagawa ng bahay, paghahanapbuhay maging sa kamatayan ay mayroong pamahiing sinusunod at isinasagawa ang mga Castillano. Katulad na lamang ng sa pagbubuntis. Sinabi ng impormante na:

> “*Pagbadós bawál magparasáklay o magbalióg ki anumán na*
> *gamít pará daí magsaralbudán ang pusód kán akî.”*
>
> **Salin:** Kapag buntis ay ipinagbabawal ang paglalagay sa balikat
> o sa leeg ng kahit anong gamit para hindi magbuhol-buhol ang
> pusod ng sanggol.”

Ito ay pag-iingat para sa isang buntis at nagsisilbing paalala para hindi mahirapan sa panganganak o upang maging ligtas na lumabas sa sinapupunan ng ina ang sanggol. Kultura ng mga Castillano ang magbigay payo sa kanilang kapamilya at kapwa na sa palagay nila ay ikabubuti nito. Sa pagpapakasal nabatid na maganda ang ugnayan ng mga Castillano sa kani- kanilang pamilya, ang pagtutulungan simula sa paghahanda sa pagpapakasal hanggang sa pagkatapos ng kasal ay gawaing pinagkakasunduan ng dalawang pamilyang pinagmulan ng ikakasal. Sa pamamagitan nito, nagbabahaginan ng mga paalala bago ang seremonya katulad na lamang ng pahayag na,

> *“Kun kasalón, dai pagsukulón an badô na pangnobyá*
> *ta dai matutulóy an kasál.”*
>
> **Salin:** Kung ikakasal huwag isukat ang damit ng
> babaing ikakasal kasi maaaring hindi matuloy ang
> kasal.

Ang pagsukat ng kasuotan ng ikakasal bago ang kasal ay maaaring magdulot ng kamalasan o maaaring maapektuhan ang kapalaran ng kasal lalo na kung may pagbabago. Ito ay sinusunod upang maging matagumpay ang kasal at upang maiwasan ang anumang posibleng problema o di inaasahang pangyayari. Ganoon rin bago at habang ginagawa ang seremonya, marami pa ring pamahaiin na sinusunod, halimbawa nito ay ang sumunod na pahayag.

> *“Kung magapasimbáhan na, dapat mainót ang nóbyo*
> *sa simbáhan dangan ang babáye ang mawawalát.”*
>
> **Salin:** Sa pagpunta sa simbahang gaganapan ng
> seremonya ng kasal, kailangang mauna ang lalaki
> at saka na susunod ang babae.

Ipinapakita na ang lalaki ang siyang gagabay o mamumuno sa pamilya. Mag- aalaga sa kaniyang mapapangasawa at magiging mga anak. Nangangahulugan itong binibigyan ng responsibilidad ang bawat miyembro ng isang pamilya, at gumagabay ang dalawang pamilyang pinagmulan ng mag- asawa. Katulad ng paalala na makikita sa pahayag sa ibaba.

> *“Sa kasál dapat sabáy parého ang bagóng kasál*
> *maglusád sa simbáhan, dae mag-inot-inót*
> *sa paglusád mapababayé man o lalaké tanganíng*
> *matanós ang pag-ibahán dae magparadumidáran*
> *bagkos maging pátas lang ang duwáng mag-agóm.”*
>
> **Salin**: Dapat na sabay pareho ang bagong kasal
> na lumabas ng simbahan, hindi dapat mauna ang
> babae o lalaki man para maging maayos pagsasama,
> hindi nagmamataasan at patas lang ang mag- asawa
> sa lahat ng bagay.

Ang pamahiing ito ay naglalahad ng pagkakapantay ng karapatan ng mag- asawa, ito ay ipinapasang pamahiin na dapat sundin upang maging maayos at walang maging problema ang mag- asawa. Pinaniniwalaan na kapag ito ay ginawa ay walang lamangan na magaganap at magiging maayos ang kanilang pagsasama.

Sa paghahanapbuhay naman, katulad ng pangingisda ay nangangailangan ng sapat na kagamitan upang maisagawa ang ganitong hanapbuhay. Mahalaga ang pagkakaroon ng gamit katulad ng pamingwit, na kanilang pinapahalagahan batay sa nabanggit ng impormante.

> *"An banwít na bagô, bágo gamitón tuobón muna*
> *ki kamangyan para mahalóy an serbísyo kan*
> *banwít asin pampabuenas"*
>
> **Salin:** Ang bagong biling pamingwit ay
> pinapausukan muna ng kamangyan bago gamitin
> upang tumagal at magdala ng suwerte.

Ang pamahiin na ito ay pinaniniwalaang magdadala ng suwerte, nanganguhulugan itong may pag- asa na makahuli ng maraming isda na makakatulong ng malaki sa kanilang kabuhayan. Kakikitaan din ng disiplina at pag- aalaga sa kanilang mga kagamitan na makakatulong sa pag-iwas sa maaaring aksidente o problema sa dagat. Nakakatulong ito sa pagpapanatili ng kanilang positibong pananaw at determinasyon sa kanilang hanapbuhay. Katulad rin ng ilang magsasaka na positibong naghihintay sa kanilang mga itinanim na bumunga. Ngunit bago ito ay gagawin muna nila ang pagbubungkal ng lupa at kailangan malaman ang panahon at magkaroon ng kamalayan sa paligid. Katulad ng pahayag ng isang magsasakang impormante.

> *"Kun matanóm ki kamoté, dapat humilíng sa langít, kun*
> *may panganóron o an úlap nagpopórmang kamoté."*
>
> ***Salin:*** *Sa pagtatanim ng kamote, tingnan muna ang*
> *kalangitan kung hugis kamote ang mga ulap.*

Pinaniniwalaan na may tamang panahon sa pagtatanim. Kaakibat ng pamahiing ito ang pag- asang magbubunga ng marami at maayos ang pananim. Mababatid sa pamahiing ito na lahat ng bagay sa mundo ay may kaakibat na pagpapakahulugan at ugnayan. Ang mga pamahiin sa pagtatanim ng kamote at iba pang halamang-gulay ay nagpapakita na may malalim na koneksyon sa kalikasan at tradisyonal na kaalaman sa pagsasaka pa rin ang ilang magsasaka sa Castilla.

Maging sa pagpapagawa ng bahay ay may mga kailangang sundin upang maging maunlad at matiwasay ang pamumuhay ng mag- anak na titira. Pinaniniwalaan ang paglalagay ng barya na magdadala ng biyaya sa pamilya.

> *"Butángan ki bárya an taás kan harigi na daí*
> *mahalí para latáw an grásya."*
>
> **Salin:** Maglagay ng barya na hindi matatanggal
> sa itaas ng haligi ng ginagawang bahay upang
> pumasok ang biyaya.

Ang ganitong pamahiin ay pinaniniwalaan ng mga Castillano bilang pampasuwerte o simbolo na pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay. Naglalagay rin sa ilalim ng poste ng bulak at dahon ng oliva upang hindi pamahayan ng maligno ang bahay. Sa paglilipat naman sa bagong bahay na titirhan unang dinadala ang pinakapangunahing kailangan tulad ng bigas at tubig. Nabatid ang pagkakaisa, pagkakaunawaan at pagtutulungan sa iba't ibang sitwasyon hindi lamang sa kasiyahan katulad ng may kasal at iba pang handaan kundi maging sa mga panahon na may nawalang isang kapamilya. Kaakibat ng mga nabatid at naobserbahan ay ang mga pamahiin o mga paalalang ipinagbabawal gawin habang nakaburol ang patay.

> *"Pagnakaburól pa an gadán, báwal magdará ki pagkaón."*
>
> **Salin:** Ipinagbabawal pa ang pagdadala ng pagkain
> pauwi kapag nakaburol pa ang patay.

Ipinapahiwatig nito na hindi pa maaaring magdala ng pagkain ang sinumang dumalaw o pumunta sa burol pauwi. Ito ay bilang pagrespeto sa nawalan, sapagkat sila ay may malaki pang pangangailangan. Kaakibat ng pagkawala ng isang tao ang gastusin. Ipinababatid ng pamahiing ito na mas kailangan ng pamilyang namatayan ng tulong at pakikiramay.

Makikita sa mga nabanggit na pamahiin ang implikasyon nito sa pamilya, sa kapwa at sa komunidad. Makikita ang pagmamalasakitan ng magkakamag- anak sa oras ng pagbubuntis, maging sa panganganak, paghahanapbuhay, pagpapagawa ng bahay, pag-aasawa o pagpapamilya maging sa kalungkutan kung may yumaong kamag-anak. Naipakita ang mga relasyong nabuo sa pakikipag-ugnayan ng isang tao sa kanilang kapwa. Ipinakita sa mga pamahiin ang respeto sa mga nakagisnan tradisyon na

isinasabuhay ng mga Castillano sa pamamagitan ng pagsunod dito. Sinabi sa pag- aaral ni Manzanares, (2017)[8] sa mga Magalleno na pinaniniwalaan ang mga pamahiin ay isa sa pag-asang magbibigay ng mabuting kapalaran.

Ang sumunod sa pinakamaraming nalikom ay ang tigsik, dahil ito ay kadalasang binabanggit tuwing may pagtitipon katulad ng may nag- iinuman, sa kasalukuyan maririning na rin ito sa paligsahan o palatuntunan sa paaralan. Sumasalamin ito sa buhay at karanasan. Madalas na binubuo ng mga taludtod at may magkakatugmang tinig sa hulihan ng mga taludtod. Naglalaman rin ito ng mga piling imahen, simbolismo o mga linyang may nais patamaan. Ilan sa mga nilalaman nito ay patungkol sa pag- ibig, pakikipagkapwa, may maragsang paksa at mga paalala. Narito ang isang halimbawa ng tigsik na ibinahagi ng impormante:

*"Tinigsík ko ang gitárang pilì*
*Dara-dara ko sa pamalayé*
*Akoón ako o daé*
*Dara-dara ko an babáye"*

**Salin:** Tinigsik ko itong piling gitara
Sa panliligaw ay aking dala- dala
Tanggapin man ako o hindi
Bitbit ko ang dalaga.

Karaniwang tumutugtog ng gitara sa panliligaw. Ipinapakita na kapag gusto ng isang lalaki ang isang babae ay gagawin niya ang lahat upang ito ay kaniyang makuha o mapa- ibig sa pamamagitang ng paghaharana o pagsasagawa ng mga bagay na ikatutuwa ng dalagang nililigawan, katulad ng tigsik sa ibaba.

*"Tinigsík ko an lumót*
*Naglataw-latáw sa túbig na malipót*
*Kun hustô an pagkamoót*
*Ika na an mag- enót"*

**Salin:** Tinigsik ko itong lumot
Lumilitaw sa malamig na tubig
Kung tunay ang iyong pag- ibig
Mauna ka ng magtapat ng iyong pag- ibig.

Nais ipahiwatig naman ng tigsik na ito na kung tunay ang iyong pag- ibig ay wala na dapat pagdadalawang- isip. Nagpapahayag ito ng pahiwatig sa isang taong nagmamahal na gumawa na ng paraan upang siya'y mapansin. May ilang tigsik din na pumupuna sa mga kadalagahan o kababaihan katulad ng tigsik na ito.

*"Tinigsík ko an manók na pulá*
*Ginakód ko sa poón kan manggá*
*May nag- agíng darága*
*Tinuká sa páa."*

**Salin:** Tinigsik ko itong pulang manok
Itinali ko sa puno ng mangga
Nang may dumaang dalaga
Tinuka ang hita.

Nagpapahiwatig ang tigsik na ito na noon pa man ay maingat na ang matatanda sa mga kadalagahan, hindi sila nagkulang sa pagpapangaral sa kanilang mga anak lalo na sa mga babae sa kung ano ang dapat isuot upang makaiwas sa disgrasya o masasamang balak mula sa mga nakakita sa kanila. Ipinahiwatig din nito ang pagiging konserbatibo ng mga nakatatanda. Ang sumunod naman ay tigsik na binigkas ng impormante na nataon na mayroong padasal sa pag-alala sa kapamilya nilang yumao.

*"Tinigsík ko ining espermá*
*Na pigagamít ta*
*Kung totoóng nangangadyí ka*
*dae ka magsayumá"*

**Salin:** Tinigsik ko itong esperma
Na ginagamit natin
Kung ikaw ay totoong nananalangin
Huwag kang tumanggi

Ang "esperma" ay isang uri ng kandila na ginagamit sa tuwing may magpapadasal o magrorosaryo. Ipinaparating ng tigsik na ito na kung ikaw ay totoong nananalangin o nananampalataya, hindi ka susuko sa mga pagsubok sa buhay at bukas- palad na tutulong sa mga nangangailangan.

Malaki ang implikasyon ng tigsik, hindi lamang sa mga magkakapamilya kundi sa isang indibidwal, ang mga tigsik ay karaniwang may pagpapatama sa ikinikilos, nadarama at mga gawaing dapat pagtuunan ng pansin. Ito ay paalala na magkaroon ng kamalayan sa ating mga ikinikilos bilang isang indibidwal. Nakapagbibigay ito ng kasiyahan sa iba, sa pamamagitan ng mga nilalaman na nagbibigay katuwaan at nagbibigay pugay sa sinumang titigsikin. Ayon kina nina Balunsay et. al (2017)[9] sa kanilang pag- aaral sa Caramoran ang tigsik ay hitik sa pagpapahalaga at kultura at nagtatampok maging ng mabubuting kaugalian ng mga mamamayan sa nasabing lugar.

Pangatlo sa oral na tradisyon ay ang mga bugtong. Batay sa bilang ng bugtong na nakuha mababatid na mahilig pa rin sa pagbubugtungan ang mga Castillano. Ito ay kadalasang may hugot sa kalikasan, kultura, o araw-araw na buhay. Ang bugtong ay nagpapakita ng katalinuhan at pagpapahalaga sa tradisyon at kultura ng isang lipunan. Nakakatulong ito upang mapanatili ang talas ng memorya o pag-iisip ng bawat isa. Katulad na lamang ng bugtong na ito.

*"Kahóy nagíng tubíg*
*Tubíg naging gapô*
*Gapô naging dugô."*
*Simbag: Mamis*

**Salin**:kahoy naging tubig,
Tubig naging bato,
bato naging dugo.
Sagot: Minatamis

Ang sagot sa bugtong na ito ay ang ginagamit na pampatamis na isang kilalang kakaning bikol. Makikita sa kultura ng mga Castillano ang paghahanda tuwing may mga okasyon at isa sa mga handa na kanilang inihahain ay ang "nilukay" o biko sa Tagalog, ito ay matamis na kakaning gawa sa malagkit na bigas na nilalahukan ng matamis na maaaring asukal o mamis at gata ng niyog. Ibinahagi naman ni Noli Bulso Llamera, isang impormante ang sunod- sunod o magkakarugtong na bugtong, ganito ang kaniyang naging pahayag,

*"Niyóg ta niyóg*
*Nasa iraróm ang kinudkód"*
*Simbag: Pan de cocó*

**Salin:** Niyog na niyog
Nasa ilalim ang kinayod
Sagot: Pan de coco

*"Pan de cocó ta pan de coco*
*Nasa iraróm an kukó"*
*Simbag: Mangga*

**Salin:** Pan de coco na pan de coco
Nasa ilalim ang kuko
Sagot: Mangga

*"Manggá ta manggá*
*Nasá iraróm an matá"*
*Simbag: Pinya*

**Salin:** Mangga na mangga
Nasa ilalim ang mata
Sagot: Pinya

Mababatid na malikhain ang isipan ng mga Castillano at maalam sila sa karunungang- bayan katulad ng bugtong na maaaring maipamana sa susunod pang henerasyon. Ang pagpapahayag ng mga bugtong ay nagpapakita ng mahalagang implikasyon sa kultural na pamana ng lipunan. Ang muling pag-aaral ng mga ito ay nagiging susi sa pagpreserba na nakakatulong sa pag-ipon ng mga lokal na wika, kasaysayan, at mga tradisyon. May implikasyon rin ito sa tao lalo na sa mga bata, napapalawak ang kakayahang mag- isip sa labas ng karaniwang kaisipan at maging malikhain. Ayon sa pag- aaral ni Llaneta (2020)[10] ang bugtong o patangkudan ang uri ng karunungang-bayan na may mga paglalarawan o matalinghagang salitang ginagamit at mas nagpapatalas ng isipan.

Isa pa sa mga oral na tradisyong pampanitikan ng Castilla ay ang palaisipan. Ito ay pagpapahiwatig o tanong na naglalaman ng malalim na kahulugan. Karaniwang may layunin itong mag-udyok ng malalim na pagpapakahulugan o pag-unawa sa isang bagay sa pamamagitan ng paggamit ng mga talinghaga, simbolismo, o komplikadong pangungusap. Ilan dito ay mga tanong na nasa mismong tanong makukuha ang kasagutan katulad ng palaisipang ito.

*"May tolóng magturugáng si Pedro, Felipe asin Juan. Naglakáw sindá, pag- abót sa enotán may tolóng dalán. Nagsiriblagán sindá. An istoryá ngunyán si Pedro nakakuháng niyóg na máy tubó na, kayá tinanóm niya ini saka binayaán. Makalipás ang panahón naagihán man ining niyóg ni Felipe kayá lang maawót kayá inawanán niya asin kinudalán. Nag- aalóy naglilipás an panahón, naagihán naman ini kan bunsó, ni Juan. Sabi niya, magayunón ngayá ining niyóg kaya lang luyós na, maaláng na. Kaya an ginibó niya nagkuwá siyang tubig, binaribi niya ini. Naglalakaw an panahón, naghirilingán an magturugáng asin naagihán nindá ang puon kan niyóg na may bungá na. Sabi ni Pedro, "Ay salamát so tinanóm kong niyóg may bungá na." Suminuháy an pangaduwá. "Aw kun dai ko an inawanán asin kinudalán dai iyán matalubó ki arug kaan,"an sabi ni Felipe. Dai man tuminugót an bunsó, sabi niya "Kun dai ko iyan binaribi, gadán na iyan na niyóg ta nahiling ko luyós na." Asin nagpasuruháy- suháy an magturugáng. An hapót niya iyo ini, sisáy an tunáy na tagsadiri kan niyóg?"*

*Simbag: Si Juan, (Sabi ni Juan, talagáng sakuya iyan. An sabi kan duwá na sina Felipe at Pedro, kun talagáng saimó iyan, hain ang ebidensya mo? Suminakát siya sa poón kan niyóg, binuwáng an nakuwáng lumbod asin sinabi, hilinga ta uni pa so tubig na dinugdóg ko.*

**Salin:** *(May tatlong magkakapatid sina Pedro, Felipe at Juan. Naglakad sila at pagdating sa unahan may tatlong daan. Naghiwa- hiwalay sila. Ang kwento ngayon si Pedro nakakuha ng niyog na may tumutubo na, kaya tinanim niya ito at iniwan. Makalipas ang ilang panahon, nadaanan naman ni Felipe ang niyog na ito subalit marami ng damo kaya ang ginawa niya tinanggalan niya ito ng damo at binakuran. Hanggang sa tumagal at lumipas ang mga tain, nadaanan naman ito ng bunsong si Juan. Sabi niya pa " ang ganda naman ng niyog na ito, kaya lang nalalanta na." Kaya ang ginawa niya diniligan niya ito. Lumipas ang mga taon nagkita- kita ang magkakapatid at Nakita nila ang puno ng niyog na may bung ana. Sabi ni Pedro, "salamat naman ang puno ng niyog na aking itinanim ay may bunga na. Sumalungat ang kapatid na pangalawa at sinabing "kung hindi ko iyan tinanggalan ng mga damo at binakuran hindi 'yan lalaki ng ganiyan." Hindi naman pumayag ang bunsong kapatid, sabi niya " kung hindi ko iyan diniligan, malamang patay nay an sapagkat lantang- lant ana." At nag- away- away na ang magkakapatid. Ang tanong ito, sino ang tunay na may- ari ng niyog?*

*Sagot: Si Juan sapagkat sabi niya "talagang akin iyan." Sabi ng dalawang magkapatid kung talagang saiyo iyan nasaan ang ebidensya mo? Umakyat siya sa puno kumuha ng buko at biniak ito at sinabing, tingnan niyo nandito pa ang tubig na dinilig ko.*

Mapapansin sa palaisipan na ito ang pagkakaroon ng pagkakaisa ng magkakapatid pagdating sa pag- aalaga ng puno subalit ng anihan na ay nagkaroon na sila ng di pagkakaintindihan, inihahalintulad ito sa mag- anak na may mamanahing lupain na karaniwan kung hindi magkakasundo sa mga parti na ibinigay sa kanila ng kanilang magulang ay mag- aaway- away at darating pa sa punto na magkakasuhan at kailangang ng maraming ebidensya upang mapatunayan kung sino at kanino ba talaga dapat ito ibigay.

Ang palaisipan ay may malalim at malawak na implikasyon sa buhay ng isang tao at sa lipunan. Ang kahalagahan nito ay hindi lamang nakasalalay sa pagiging isang anyo o uri ng libangan, kundi nagiging isang paraan sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kultura, nagpapaunlad ng kakayahang mag- isip, nagpapatibay ng ugnayan at nagbibigay ng kasiyahan. Batay sa KWF (2021)[11] anumang nagbibigay ng suliraning dapat lutasin sa pamamagitan ng talino o matiyagang pagsisiyasat ay isang palaisipan.

Isa pa sa mga oral na tradisyong nabatid ay ang mga kuwentong- bayan. Sa Castilla ito ay mga salaysay na may kababalaghan, likhang-isip sapagkat ang mismong tao lamang na nakakita, nakaramdam o pinakitaan ng mga nilalang na ito ang nagbahagi. Ilan sa mga kuwentong-bayan na nakalap ay tungkol sa duwende, white lady, maligno o uyog at iba pa. Ito ay nagsisilbing gabay sa mga tao na mag- ingat sa paligid. Isa sa mga kuwento ay isinalaysay ni Rena Marbin Apin, impormante ang tungkol kay Maria Labo, na may iba't ibang bersyon na sa ngayon na mababasa sa internet at sinasabing nakarating din daw ito sa kanilang barangay , ganito ang salaysay ng impormante.

***"AN ISTORYA TUNGKOL KAY MARIA LABO"***

*May saróng babayíng nalagalág digdí kung hihilingón siya garí normál na tawó asín makaiirák ta may tinigbasán sa pandók. Pinapahiling niya na garu siya boá. Hanggáng sa nasanáy na an mga tawó na yaun siya ta nag- istár naman siya sa may puróng partí kan Quirapi. Makalipás an mga anóm na bulán, nagpoón ng may maghiriláng na tawó. Asín sunod- sunod may nagagadán. An misteryó palán kaini tigdudunó kainíng si Maria Labo. Pero daí man nagtuturubód an mga tawó kaitó. Kan dakul na an nagadán asin may nagaheréláng pa na tawó nakapansín na an mga tawó na may kakaibá nang nangyayarí. Kan an sakuyáng*

*lola naghelang nagpahiling daa ining asuwáng dumán sa nagheheláng na nakalatáw sa parós pati dumán sa nagbabantáy na nakaluwás an halabáng dilá. Saróng aldáw, nag- aagáw na an aldáw buda banggí, nagkariribók an mga tawó digdí sa Quirapi an mga sulteró nagdaralagán ta nadagít daw si Maria Labo. Nag- iiba daw iníng anyó nagiging ikós asín nagigíng ayám asín iba pa. Nag- agí samuyá an pinsán ko asín sinabíng isara na an tindahán. Dai man si mama nagtubód kainí peró kan mag- aalás nuwebe na an banggí bigláng nagyugó-yugó an atóp kan haróng mi peró dai man naglilinóg kan mga oras na ito. Kinaagahan, naisihán na lang na nawará na ining si Maria Labo ta dadarakupón na kutá.*

**Salin:** May isang babaeng naligaw dito, kung titingnan para siyang karaniwang tao lamang at nakakaawa dahil may sugat sa kaniyang mukha. Pinapakita niya na para siyang baliw. Hanggang nasanay na ang mga tao na na nariyan lamang siya at tumira sa dulong bahagi ng Quirapi. Makalipas ang anim na buwan, nagsimula ng magkasakit ang mga tao. At sunod- sunod na ang namamatay. Ang misteryo pala ay dinadalaw nitong si Maria Labo. Ngunit hindi naniniwala an mga tao dito. Nang patuloy na dumarami ang mga nagkakasakit napansin na ng mga tao na may kakaiba ng nangyayari. Noong magkasakit ang aking lolo, nagpakita raw itong asuwang doon sa may sakit na nakalitaw sa hangin maging doon sa nagbabantay, nakalabas daw ang mahabang dila nito. Isang araw, nang magagabi na, nagkagulo ang mga tao sa Quirapi, an mga binatilyo ay nagsitakbuhan dahil nagalit daw si Maria Labo. Nag- iiba daw ang anyon nito, nagiging pusa o aso at iba pa. Hindi rin naniniwala si Mama dito, pero nung mag- aalas nuwebe na ng gabi biglang gumalaw ang bubong ng bahay nila pero hindi naman daw lumilindol noon. Kinaumagahan, nalaman na lang na nawawala na itong si Maria Labo dahil huhulihin na sana ito.

Ito ay nagpapakita ng pagkatakot ng mga mamamayan sa mga hindi kakilala o kahina- hinalang nilalang, kakikitaan din ito ng pagkakaisa ng mga magkakabaranggay na panatilihing ligtas at payapa ang kanilang lugar. Makikita ang implikasyon nito sa mga magulang o nakatatanda na nais paalalahanan ang kanilang mga anak o mahal sa buhay na mag-ingat sa paligid. Sinabi ni Montenegro, (2022)[12] nakapaloob sa bawat kuwentong-bayan na mahilig pa ring maniniwala noon sa mga kuwentong kababalaghan at ang iba ay panakot sa mga batang hindi maagang natutulog.

Sumunod naman ang tungkol sa mga kasabihan. Karaniwang ipinapahayag ito bilang payo, pagninilay-nilay, o batayan ng tamang pag-uugali. Ito ay karaniwang nagmumula sa mga matatanda o sinaunang kaalaman at karanasan. Naglalayong magbigay-gabay sa mga tao sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ito ay nagpapakita ng mga pang-araw-araw na aral at pagninilay-nilay na nagbibigay ng gabay sa tamang pag-uugali at pakikipag-ugnayan sa kapwa.

"Waráng pangpáng, na waráng kaampáng."

**Salin:** Walang pangpang na walang katapat.

Lahat ng tao ay may katapat o makatatagpo ng kaniyang katapat, paniniwala na kung anuman ang ginawa mo sa iyong kapwa ay maaari rin na gawin ito sa' iyo. Ang kasabihang ito ay naging panununtunan ng mga magulang na kanilang ipinapasa at isinasabuhay. Kaakibat na paalala mula sa kasabihan na gumawa dapat ng mabuti upang mabuti rin ang mangyari sa iyo. Ipinapakita na kailangan ng tao ang kaniyang kapwa upang magkaroon ng matiwasay na buhay. Katulad ng pahayag sa ibaba, dapat nating isipin na ganito ang buhay sa daigdig.

*"Ang búhay, tolong klase man sana, sustener,*
*mantener, disponer"*
**Salin:** Ang buhay ay may tatlong uri ang manindigan,
magpatuloy at gumawa ng paraan.

Ang kasabihan ito ay nangangahulugan na magkaroon ng positibong pananaw sa buhay kahit nakakaranas ng kahirapan. Ipinahihiwatig nito na anuman ang suliranin sa buhay o problemang pagdaanan lalo na kung sa pinansyal na aspekto ay huwag mawawalan ng pag- asa sa halip ay gumawa ng solusyon. Sinasalamin ng kasabihan ito ang mga Castillano, sapagkat makikita sa kanila ang katatagan at lakas ng loob na harapin ang hamon sa buhay, nariyang bumabangon pa rin kahit anumang unos, bagyo ang dumaan.

Makikita ang implikasyon ng mga kasabihang ito sa loob ng pamilya. Kailangan na kumayod ang mga magulang upang magkaroon ng maayos na pamumuhay ang kanilang pamilya at maitaguyod ang pangangailangan ng kanilang mga anak. Ayon kina Casanova, A. (2001)[13] ang kasabihan ay kinasasalaminan ng mentalidad ng sambayanan at karaniwang ginagamit sa mga bata.

Ang sumunod na oral na tradisyon ay ang rawit- dawit, isang uri ito ng tulang Bikol na may kakatwang anyo at makulay na istilo, na karaniwang ginagamit sa pag-awit o pagganap sa mga lokal na pagdiriwang at okasyon. Narito ang rawit-dawit na binigkas ng impomante.

*"An mga tawó tigtatabangan kan Gobyerno sa pagtanom,*
*kaya an mahigós magtanóm*
*Mabagsik an pulso,bakong hirilangón*
*Ta dai nagkulang, dakul an kakanón*
*Pero an hugakón, lalo pa kun ugadón*
*Mapuli sa haróng an tulak niya mahaldatón*

*Makua na sana bako niyang tinanóm*
*An kukuwaan niya kahiwasan*
*Dai na nin pagdulunan*
*Kada niyang mabirikan*
*Kukuunon na sana para sa pamilyang ikabubuhay*
*Ta dai siyang katakutan, ta igwa siyang tigsasariga*
*An amo niya duwa, an saro hadi an saro suta.*
*Ta kun siya may kwarta diyan niya pinag- intriga*
*An hadi nagtaram ako mo pagtagatawan*
*Ako saimo an maataman, kun dai ka ng kinakan.*
*Alagad an suta naman siring man*
*An gubing ipabakal*
*Tanganing igwang isugal*
*Alagad kun kamo mapiyerde sa hadi*
*Kamo magsabi, ta mataó ngaya ki kamo libre*
*Na makakuha sa bakó nindo sadiri*
*Alagad an simóng pagkuha mo maglistó ka sana*
*Ta kung mailing ka san tagsadiri*
*Tulos idedemanda ka i-maipipresó ka*
*An mahal na hadi dai makadepensa*
*Kaya an pagkapresó mong iyan*
*Iyo na an saimóng kahirasan*
*Kaya ika sa Karsel ngunyan mag-istar.*

***Salin:*** Ang mga tao ay tinutulungan ng gobyerno sa pagsasaka,
Kaya ang magsipag magtanim,
mabagsik ang pulso, hindi sakitin dahil marami ang pagkain
Pero ang tamad, lalo na kung sugarol
Bawat kaniyang makita
Kukunin lamang para sa ikabubuhay ng kaniyang pamilya
Hindi siya natatakot dahil mayroon siyang kakampi
Ang kaniyang amo, dalawa ang hari at ang suta
Dahil kung siya ay may pera, doon niya ibinibigay
Nagsabi an hari, ako'y iyong bigyan
Ako sayo ang mag- aalaga kung wala ka ng makain
Subalit ang suta ganoon din ang sinabi,
Ang damit ay ipagbili
Upang may maisugal
Ngunit kung ikaw ay matalo, sa hari ka magsabi
At magbibigay ng libre
At makakakuha ka sa hindi niyo pag- aari
Subalit sa pagkuha mong iyan, dapat kang maging alisto
Dahil kung makita ka ng may- ari
Agad kang idedemanda, makukulong ka
Ang hari ay hindi sayo makakapagdepensa
Kaya ang pagkakakulong mong iyan
Ang iyong kaparusahan
Kaya ngayon ikaw ay sa karsel maninirahan.

Ang rawit- dawit na ito ay pumapatungkol sa isang masipag na magsasaka at sa taong lulong sa sugal. Mababatid na mas nagiging maayos ang buhay ng isang magsasakang nagsisipag sa paghahanapbuhay kaysa sa isang sugarol at tamad. Ipinababatid nito na ang pagsusugal ay magdudulot ng hindi maganda sa isang tao tulad ng pagkabilanggo. Ang rawit-dawit na ito ay paalala na huwag maging tamad sa halip ay maghanapbuhay ng maayos upang huwag makaisip na gumawa ng masama para lamang mabuhay ang pamilya. Makikita ang implikasyon sa mga akda ang pagsasalaysay ng karaniwang obserbasyon o nangyayari sa paligid na pumapatungkol sa paghahanapbuhay. Ayon nga kay Mirabel, (2017)[14] patuloy ang paglikha ng mga tulang nagpapakita ng repleksyon ng uri ng pamumuhay ngayon.

May kantahing- bayan din na nalikom ang mananaliksik katulad ng pampatulog o pampahele sa bata, tungkol sa pag-ibig, at awit na pumapaksa ng kahirapan. Katulad ng halimbawa sa ibaba na ibinahagi ng impormante.

*"Turog na nene na sakóng padaba*
*An duwang mata mo, piyunga na baya*
*Pag- abót ni Tatay may darang baduya*
*Saimo an saro na durudakula."*

**Salin:** Tulog na nene na aking mahal
An dalawang mata mo, ipikit mo na
Pagdating ni Tatay, may dalang maruya
Sa iyo ang isang malaki-laki.

Ang halimbawang awit na ito ay panghele o pampatulog sa bata. Ito ay pumapaksa sa pagmamahal ng magulang sa anak. Karaniwan sa mga ama o inang Castillano na kapag umaalis ng bahay ay may dalang pasalubong sa kanilang mga anak na naghihintay sa kanilang tahanan, ilan sa mga pasalubong ay katulad ng maruya o kaya naman ay tinapay.
Sa pag-aaral ni Macasinag (2019)[15] tungkol sa mga katutubong awitin sa Abucay, Pilar, Sorsogon. Napatunayan na masasalamin sa mga katutubong awit ang kultura, tradisyon at mga kaugalian ng mga taong naninirahan sa lugar.

Ang huling oral na tradisyong pampanitikan na nakalap ay tungkol sa tula. Ito ay pagpapahayag ng damdamin, karanasan, at pangarap. Narito ang ibinahaging tula ng impormante .

*"Umuli na gutóm*
*May gatóng*
*Kung umulí akong basóg, tururóg*
*Kung dai makaulí, natalpí"*

**Salin:** Umuwing gutom
May apoy
Kung umuwing busog, tulog
Kung hindi makauwi, nahampas.

Simbolismo ng lamok ang isang taong naghahanapbuhay, na gumagawa ng paraan kahit na mapanganib ang sinusuong na trabaho. Nagbibigay ito ng implikasyon na ang mga Castillano ay naghahangad na mairaos ang pamilya sa kahirapan. Sa pagkamit ng hangaring ito ay may kaakibat ang iba't ibang pagsubok. Sa pag-aaral nina Edsomwan at Peterson (91- 92) banggit Amtalao, John A. et al (2019)[16] napatunayan ang pag-aangkla sa mga oral na tradisyon sa pagkukuwento ay isang mabisang instrumento upang tuluyang magagap ang mga hinaing ng mga African sa kanilang paggawa o trabaho. Sa pamamagitan ng pagtula, maibabahagi ng isang tao ang kaniyang karanasan, at damdaming nais iparating.

**2. Sosyolohikal na Implikasyon ng mga Oral na Tradisyong Pampanitikan**

Ang mga oral na tradisyong pampanitikan sa bayan ng Castilla ay ang pamahiin, tigsik, bugtong, palaisipan, kuwentong-bayan, kasabihan, rawit- dawit, kantahing- bayan at tula na may malalim na implikasyon sa sa isang indibidwal, pamilya, lipunan, partikular sa aspektong sosyolohikal. Ang sosyolohikal na teorya ay nagbibigay daan sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan sa konteksto ng kanilang panlipunang kapaligiran na nakatuon sa mga puwersang panlipunan na nakakaapekto sa lipunan katulad ng tao sa sarili, tao sa kapwa, at tao sa lipunan.

**Tao sa Sarili.** Ang teoryang ito ay tumutukoy sa panloob na tunggalian ng damdamin, kaisipan at motibasyon ng isang tao, ang mga laban ng tao sa sarili ay karaniwang tungkol sa moralidad, desisyon, at pagkatao. Ang kantahing bayan ay naglalarawan ng pakikibaka ng isang indibidwal sa harap ng limitadong pamumuhay na kanyang nararanasan. Makikita ito sa bahagi ng sa kantahing bayang ibinahagi ng impormanteng si Merlyn Lorilla Laroga.

*Gisi an bado ko, ta haloy sa lawas*
*Sakong paghubaon, sakong paglabhan*
*Sakong pag-armidolon, sakong paglabhan*
*Nganing maisul'og duman sa eskwelahan*

*Oras ning pagbatog retira ning hapon*
*An sakong kaklase, nagbakal ki kakanon*
*Sakong pigtan'aw, ako kihibion*
*Pobrehon man si nanay, daeng ipabalon*

***Salin:***
*Punit ang damit ko,dahil ito ang parati kong suot*
*Aking huhubarin, aking lalabhan*
*Aking ibababad sa gawgaw, aking paplantsahin*
*Para ito ay maisuot papunta sa paaralan*

*Oras ng pagsisimula, pagkahapon ay uwian*
*Ang aking kaklase, bumili ng pagkain*
*Aking tiningnan,habang ako'y naiiyak*
*Mahirap lang si nanay, walang maibigay na baon*

Ito ay nagbibigay ng implikasyon ng isang malalim at malawak na pag-unawa sa hamon na kinakaharap ng isang indibidwal sa lipunang hindi pantay ang kalagayan sa buhay. Makikita ang epekto ng kahirapan hindi lamang sa pisikal na aspeto ng buhay ng may-akda, maging sa kanyang emosyonal at mental na estado. Ang kantahing bayan na ito ay nagbibigay ng kahalagahan ng pagkilala at pagharap sa mga personal na tunggalian upang maitaguyod ang sariling dignidad at makapagpatuloy sa kabila ng mga pagsubok. Ipinapakita rin nito ang lakas ng loob at kakayahang malampasan ang mga hamon sa kabila ng lahat ng limitasyon at kakulangan nila sa pamumuhay.

Ayon nga kay Arrogante et.al (2010)[17] ang bawat bansa ay may sari-sariling kultura, may sari-sariling identidad na madaling pagkakakilanlan ng bawat isa. Mababatid na ang bawat indibidwal ay may natatanging kakayahan na maipahayag ang sariling pagkatao sa pamamagitan ng pagsulat ng tula.

**Tao sa Kapwa.** Sa teoryang ito ay nakatuon sa pakikipag-ugnayan ng mga tauhan, na nagpapakita ng kanilang emosyonal at sikolohikal na reaksiyon. Tinitingnan dito kung paano ang pakikitungo sa ibang tao ay naiimpluwensiyahan ng mga paniniwala at kaugalian. Sa rawit-dawit na halimbawa ay makikita ang kuwento ng dalawang dalaga na nagkaroon ng magkaibang kapalaran dahil sa kanilang pag-ibig sa isang binata.

*Rawit-dawit*
*ni: Myrna Lasona Lotino*

*May duwang daragang magayon-gayon*
*Si soledad, si Corazon*
*Sarong adlaw, inabot sindang pung'aw*
*Sindang duwa naglakaw-lakaw*
*Nakatupar ki soltero*
*Namoot sindang pareho*
*An ginibo kan soltero dinulag si Soledad*
*An pobreng Corazon naglukso sa gogon*
*Dai na nakabangon diritso sa irarom*
*Makalihis an sampulong taon*
*Nagbalik si Soledad mayong agom*
*Solamente an delihensya, apat na aking doldolon*
*Ramog-ramog pang sip'on*
*Kaya kamong mga daraga digdi sa banwa*
*Poraber magpaagom, pillion nindo ngun'a*
*Tibaad kamo lukuhon kan saindong namomot'an*
*Ilaog kamo sa balde, sa baldeng basurahan*

**Salin:**May dalawang dalagang maganda
Si Soledad, si Corazon
Isang araw, bigla silang nalungkot
Silang dalawa ay naglakad-lakad
Nakilala nila ang isang binata
Silang dalawa ay napaibig nito
Tinanan ng binata si Soledad
Ang kawawang Corazon lumundag sa damuhan
Hindi na nakabangon,sa ilalim ang diretso
Makalipas ang sampung taon
Bumalik si Soledad na walang asawa
Tanging dala,apat na batang yagit
Nagkalat pa ang sipon sa mukha
Kaya kayong mga dalaga dito sa bayan
Bago mag-asawa, piliin muna
Baka kayo ay maloko lamang ng taong inyong minahal
Sa timba ipasok, sa timba ng basurahan

Ito ay nagbibigay ng implikasyon na napakahalaga ng ugnayan sa pagitan ng tao at ng kaniyang kapwa. Ipinapakita dito ng may akda ang panganib ng padalos-dalos na pagdedesisyon, lalo na sa mga usaping may kinalaman sa damdamin at pag-ibig. Ang tunggalian sa pagitan ng dalawang dalaga at ng binata ay sumasailalim sa mas malalim na mga isyu ng pagtitiwala, at ang epekto ng mga desisyon sa buhay ng ibang tao. Isang paalala sa kahalagahan ng pagsusuri at pag-iingat sa pakikipag-ugnayan sa kapwa na hindi lamang ito para sa isang personal na bagay, kundi isang mahalagang bahagi ng buhay na dapat pag-ingatan at pag-isipan nang mabuti.

Ang halimbawang kuwentong bayan naman na Alamat ng Kurukay ay nagpapakita ng tunggalian sa pagitan ng dalawang magkapatid na parating nag-aaway, na nauwi sa kanilang kapahamakan. Mababatid dito ang di pagkakaunawaan ng ilang miyembro ng pamilya sa loob ng tahanan na nagdudulot ng kapahamakan sa kanila.

*An Alamat kan Kurukay*
*May duwang magtugang na babaye buda lalaki na maiwalon. Sarong banggi nag-iwal an duwa, sa uyam kan ina pinahali an duwa asin sinabihan, "Kamung duwa sige nindo an iwal umarali kamo digdi duman kamo sa luwas."Luminuwas man nanggad an magtugang asin nagduman sa maawot. Hanggang sa na an naabot ninda sige pa an iwal kan duwa. Hasta may nagtumbang dakulaon na kahoy asin nadatugan an duwa sa mag-ibongan. An sabi kan lalaki, dai ako nakahali kaya sumurok ka. Suminurok man ang babaye asin naipit an lalaki. An sabi naman kan babaye naiipit ako kaya maghiro ka diyan. Huminiro man an lalaki asin naipit na naman an lalaki. Hanggang inabutan sindang Matanga. Kaya iyo ini an ginikanan kan kurukay nak un pagbanggi maribukon.Iyo daw ini so magtugang na sige an iwal.*

***Salin:*** *May dalawang magkapatid na babae at lalaki na parating nag-aaway. Isang gabi, nag-away ang dalawa, sa inis ng kanilang ina pinaalis ang dalawa at nagwika, "Parati kayong nag-aaway na dalawa,umalis kayo dito at doon kayo sa labas mag-away."*
*Lumabas ang dalawang magkapatid at pumunta sa may damuhan. Hanggang sa nakalayo na sila at patuloy pa rin sa pag-aaway ang dalawa. Biglang may natumbang napakalaking puno at sila ay nadaganan nito sa magkabilaan. Ang lalaki ay nagsalita,"di ako makaalis kaya sumuot ka sa ilalim.Sumuot din ang babae sa ilalim at naipit ang lalaki.Muling nagsabi ang babae, "naiipit ako,gumalaw ka diyan." Gumalaw ang lalaki at siya ay muling naipit. Hanggang sa inabutan sila ng hatinggabi. Kaya ito ang pinagmulan ng kuliglig, kapag gabi sila ay maiingay.Pinaniniwalaan na ito ang dalawang na parating nag-aaway.*

Nagbibigay ito ng implikasyon na napakahalaga ng pagkakasundo at pag-uunawaan sa pagitan ng mga tao, lalo na sa pamilya. Ang patuloy na pag-aaway ng magkapatid ay nagdulot ng kanilang kamatayan, na nagpapahiwatig ng seryosong epekto ng hindi pagkakaunawaan at pagkakaintindihan, kung hindi hahanapan ng kalutasan ay maaaring magdala ng hindi inaaasahang kapahamakan. Ito ay nagsisilbing babala na ang patuloy na alitan ay walang maidudulot na maganda, kundi kapahamakan lamang. Kinakailangang magkaroon ng maayos na komunikasyon, pagpapatawad at pagkakasundo upang mapanatili ang kapayapaan at mabuting relasyon sa ating kapwa, lalo na sa loob ng pamilya.

Sa aklat ni Breńe Brown (2018)[18] na Dare to Lead, binigyang diin niya ang pagpapakita kung paano maging bukas at tapat na siyang pinakamahalaga sa pagtataguyod ng maayos na relasyon sa pamilya,trabaho at lipunan na nagtuturo ng kahalagahan ng pagiging totoo sa pakikipag-usap, pagharap sa mga hindi pagkakasunduan, at pagbuo ng tiwala na lahat ay mahalaga sa paglikha ng kapayapaan at maayos na relasyon sa kapwa.

**Tao sa Lipunan.** Ang teoryang ito ay tumutukoy sa tunggaliang nararanasan ng pangunahing tauhan laban sa lipunan na kanyang kinasasangkutan. Ang rawit-dawit na ito ay naglalarawan ng magkaibang uri ng tao sa lipunan, ang masipag na magsasaka na natutulungan ng gobyerno at ang tamad na walang pakialam sa kanyang responsibilidad na umaasa lamang sa gobyerno.

*"An mga tawó tigtatabangan kan Gobyerno sa pagtanom,*
*kaya an mahigós magtanóm*
*Mabagsik an pulso,bakong hirilangón*
*Ta dai nagkulang, dakul an kakanón*
*Pero an hugakón, lalo pa kun ugadón*
*Mapuli sa haróng an tulak niya mahaldatón*
*Makua na sana bako niyang tinanóm.*
***Halaw sa rawit- dawit ni Catalino Ariate Aringo***

***Salin:***
*Ang mga tao ay tinutulungan ng gobyerno sa pagsasaka,*
*Kaya ang magsipag magtanim,*
*mabagsik ang pulso, hindi sakitin dahil marami ang pagkain*
*Pero ang tamad, lalo na kung sugarol*
*Bawat kaniyang makita*
*Kukunin lamang para sa ikabubuhay ng kaniyang pamilya*

Ang implikasyon nito ay nagpapakita ng mga gawi at kilos ng indibidwal sa konteksto ng isang malaking lipunan. Ito ay nagpapahiwatig na kahit may suporta mula sa gobyerno ang resulta ng tulong na kanilang nakakamit ay nakadepende pa rin sa personal na disiplina at pagsusumikap ng tao. Ang ganitong uri ng sitwasyon ay maaaring tingnan bilang isang salamin ng mga problema sa lipunan na kung saan may mga taong hindi natututo o tumatangging makibagay sa mga pamantayan o inaasahan ng lipunan na siyang nagiging resulta ng kahirapan at kaguluhan sa kanilang buhay, ito magsisilbing isang panawagan para sa pagkakaisa at pagiging responsableng mamamayan sa lipunang kanyang ginagalawan.

Ayon sa pahayag ni Coelho (2000)[19], kapag nagsusumikap tayong maging maayos at mabuti, ang lahat ng nasa paligid natin ay magiging maayos din, dahil ang buhay ng tao ay maraming pagsubok na maaaring harapin sa kasalukuyan o kaya ay ito ay mangyari sa iisang pagkakataon lamang.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang mga pamahiin, tigsik, bugtong, palaisipan, kuwentong- bayan, kasabihan, rawit- dawit, kantahing-bayan at tula ang mga oral na tradisyong pampanitikan sa bayan ng Castilla. May sosyolohikal na implikasyon ang mga oral na tradisyong pampanitikan sa sarili, sa kapwa at sa lipunan. Inirerekomendang ibahagi sa mga susunod na henerasyon ang mga oral na tradisyong pampanitikan. Hikayatin ang kapwa na isabuhay ang magandang dulot ng mga oral na tradisyon. Magbasa ng aklat tungkol sa mga oral na tradisyong pampanitikan upang maging bukas at magkaroon ng kamalayang sa mga ito.

**SANGGUNIAN**

(1) UNESCO, Intangible Cultural Heritage in the Asia-Pacific Region: New Horizons (2023) https://www.unesco.org/en/intangible-cultural-heritage/committee-2023

(2) UNDRIP 2007 United Nations Declaration on the Rights of Indigenous People. https://www.un.org/development/desa/indigenouspeoples/wp-content/uploads/sites/19/2018/11/UNDRIP_E_web.pdf

(3) Saligang Batas Pambansa (1987) Artikulo XIV Seksyon 15 at Seksyon 18

(4) Nibalvos, I. M. (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. University of Santo Thomas, Philippines. https://www.dlsu.edu.ph/wpcontent/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/7-nibalvos.pdf

(5) Mishra, P., & Satpathy S. P. (2020). Genre of Folk Narratives as Rich Linguistic Resource in Acquiring English Language Competence for Young Learners. Rupkatha Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities. Volume(12),page1. https://dx.doi.org/10.21659/rupkatha.v12n1.08

(6) DO 43, S. 2013- Implementing Rules and Regulations (IRR) of Republic Act. No. 10533 Otherwise Known as the Enhanced Basic Education Act of 2013 https://www.deped.gov.ph/2013/09/24/do-43-s-2013-implementing-rules-and-regulations-irr-of-republic-act-no-10533-otherwise-known-as-the-enhanced-basic-education-act-of-2013/

(7) DO 16, S. 2012- Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue- Based- Multilingual Education (MTB-MLE) https://www.deped.gov.ph/2012/02/17/do-16-s-2012-guidelines-on-the-implementation-of-the-mother-tongue-based-multilingual-education-mtb-mle/

(8) Manzanares, Maricel G. (2018).Implikasyon ng mga Pamahiin sa Buhay ng Tao. Sorsogon State College. Sorsogon City.

(9) Balunsay, Jobert R. et al.(2017) Tigsik at Tirigsikan: Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon ng Isla Catanduanes, Pilipinas Catanduanes State University, Pilipinas. Malay 30.1. De La Salle University

(10) Llaneta, Rolly N. (2020) Karunungang-bayang Irosanon: Isang pagtalunton. International Journal of Research Studies in Education. Consortia Academia Publishing. https://www.academia.edu/download/97112838/5906_ijrse_final.pdf

(11) KWF (2021) Komisyón sa Wíkang Filipíno https://kwfdiksiyonaryo.ph/

(12) Montenegro, M. (2022). Mga Piling Kuwentong-Bayang Surigaon Isang Antolohiya. American Journal of Humanities and Social Sciences (AJHSS), Volume-6, Issue-2,pp-237-262.https://www.ajhhs.com/wpcontent/uploads/2022/02/Y2 2602237262.pdf

(13) Casanova, Arthur P. et al., (2001)Panitikang Pilipino. Unang Edisyon. Rex Bookstore, Inc.

(14) Mirabel, Bridget I. (2017) Sulyap at Suri ng mga Tulang Magalleno. Sorsogon State College. Sorsogon City.

(15) Macasinag, M. R. (2019). Folk Songs of Abucay, Pilar, Sorsogon: A Mirror of Culture and Tradition.Bicol University

(16) Amtalao, John A. et al (2019) Bogwa: Kultural na Paghuhukay sa Oral na Tradisyong Ifugao.Malay Tomo 31.blng.2. De La Salle University, Manila, Philippines. https://www.dlsu.edu.ph/wpcontent/uploads/pdf/research /journals/malay/tomo-31/2/7-amtalao.pdf

(17) Arrogante, Jose A, et al., (2010) *Panitikang Filipino*, Antolohiya. Binagong edisyon. National Books Store.

(18) Brown, Brene (2018) Dare to Lead. Brave Work. Tough Conversations. Whole Hearts. First Edition. Random House https://www.amazon.com/Dare-Lead-Brave-Conversations- Hearts/dp/0399592520

(19) Coelho, Paulo.2000, The Devil and Miss Prym.Harper publishing.https://www.goodreads.com/book/show/4008.The_Devil_and_Miss_Prym